# Walang Nakita

Prince po ang pangalan ko, taga Barangay 10
Kalaro ko po si Pat. Taga-dyan lang po sa tapat.

Nagbibidahan po kami: Papasok na raw po siya
Mag-ge-grade three na po, pero di po magkaeskuwela.

Kasi po huminto siya. Isang taon siyang tagabantay
Ng tindahan na bilihan ng load, pancit, dinuguan

Malimit po yung tatay nya, si mang Gimo, wala siya dyan
Pareho lang ng tatay ko. At sa Nanay n'ya yang tindahan.

Eh nung isang linggo po umuwi rin si Mang Gimo
"Di naman 'yan nag-aabroad, paikot-ikot lang

"Minsan dito, minsan diyan. Pag umuwi nang-aaway
Pag-umalis nang-iiwan ng kalat sa buong bahay."

Kuwento nga po iyan ni Pat na noon ay nasa labas
Dahil nasa loob ang Tatay nya, at di nya matagalan.

Eh nun din pong linggong iyon dumating po si Tatay
May regalo po siyang trak na di ko mabuksan-buksan

Kinuwento ko po kay Pat. Sabi po niya patingin daw
Ano daw trak sa Dubai. "Ginto? Umaandar ba yan?"

Eh nainis lang po ako. Wag daw po akong mayabang
"Kung talagang trak eh di tingnan kung umiikot ang gulong n'yan."

Kaya bigla po akong tumayo at tumakbo sa bahay
Pumasok po ako sa kuwarto nina Nanay at Tatay.



Eh dun po sa kabinet na pagkataas-taas
Dun sa pinakatuktok anduduon po yung trak.

Kumuha po ako ng silya at tumungtong ako
Inaabot kong pilit ang aking laruan

Eh sa katitiad ko po natumba po ang upuan
At nahulog po ako at nadaganan ang aking tiyan

Pagkatapos po

Biglang nagputukan. At di ako makabangon
Aray! Aray kupo. Nanay ang sakit ng tiyan!

"Prince! Prince!" sigawan po. Sabi ko po "Sorry po nay"
Pumasok po siya bigla sigaw po niya, "Dito ka lang!"

Tinayo po niya ang silya, at hinalikan ako
"Nay pahiram naman po nung trak…"
"Oo anak, Oo anak….

Umiiyak po si Nanay. Sabi ko po "Sori po Nay"
Eh yakap yakap po ako. Ulit pa nya, "Dito ka lang!"

Pagtapos po, dungawan na. Di naman ako makasingit
Pasok! Pasok! Sigawan po. "At ilock nyo yung pinto!"

Iniisip ko po si Pat. Ang taas kasi nung trak
Sabi ko nga po kay Nanay akin naman po yan

Bigay naman po yan ni Tatay. Di ko naman sisirain
Manong pagulungin kahit sa sahig lang

Pero tinaas nga po. Kaya ayan, andun pa rin
Wala na po si Pat. Akala nya, wala akong trak.